
2

# Arts

## Ikalawang Markahan – Modyul 2: Magkakaibang Balat ng mga Lamang Dagat




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q2_Arts 2_ Module 2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Arts – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 2: Magkakaibang Balat ng mga Lamang Dagat**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Leilani DC. Garcia, Jumer G. De Leon, Reymark T. Santiago |
| **Editor:** | Rubilita L. San Pedro |
| **Tagasuri ng Nilalaman:** | Nancy P. Mabalot, Engelbert B. Agunday |
| **Tagasuri ng Wika:** | Gerwin L. Cortez, Marie Ann C. Ligsay |
| **Tagasuri ng Disenyo at Balangkas:** | Glehn Mark A. Jarlego |
| **Tagaguhit:** | Reymark T. Santiago |
| **Tagalapat:** | Jumer G. De Leon |
| **Tagapamahala:** | Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor P. Nuesca, Salome P. Manuel, Rubilita L. San Pedro, Melvin S. Lazaro |

**Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________**

**Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**

Office Address: Matalino St., D.M. Government Center, Maimpis, City of San Fernando (P)
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# Arts

## Ikalawang Markahan – Modyul 2: Magkakaibang Balat ng mga Lamang Dagat

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga magaaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Ang modyul na ito ay ginawa at isinulat para sa mga mag-aaral na katulad mo. Layunin nitong mailarawan mo ang kakaibang hugis, kulay, tekstura at disenyo ng balat ng mga isda at lamang dagat o mga hayop sa kagubatan mula sa mga imahe o larawan (A2EL-IIb).

Pagkatapos ng modyul na ito ay inaasahang mailalarawan mo ang kakaibang hugis, kulay, tekstura at disenyo ng balat ng mga isda at iba pang lamang dagat mula sa mga imahe o larawan.

## *Subukin*

**Panuto:** Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat ito sa papel.

1. Ako ay isang yamang-dagat, may pahabang katawan, may kaliskis sa harapan, kulay ko ay matingkad sa may likuran subalit mapusyaw sa may gawing tiyan. Ano ako?
   A. hipon
   B. isda
   C. pusit
   D. talaba

2. Mayroon akong mga galamay na panlaban sa kaaway, balat ko ay makinis at walang kaliskis. Ano ako?
   A. alimango
   B. hipon
   C. pusit
   D. talaba

3. Ako ay may isang pares na sipit. Kapag ikaw ay naipit, tiyak mapapaiyak nang dahil sa sakit. Ano ako?
   A. alimango
   B. hipon
   C. pusit
   D. talaba

4. Laman ko ay nakatago sa isang pares na taklob, hindi palakibo at lagi lang ako sa loob.  Ano ako?
   A. alimango
   B. hipon
   C. pusit
   D. tahong

5. Ako ay lamang-dagat na hindi kalakihan, subalit kapansin-pansin ang mahaba kong balbas. Ano ako?
   A. alimango
   B. hipon
   C. tahong
   D. talaba

# Aralin 1
# Magkakaibang Balat ng mga Lamang Dagat

Ang mga hayop ay isa sa mga pangunahing interes na iginuguhit sa sining dahil sa iba't ibang hugis, kulay at tekstura ng balat nito.

Sa araling ito ay matututuhan mong mailarawan ang kakaibang hugis, kulay, tekstura at disenyo ng mga isda at iba pang lamang dagat mula sa mga imahe o larawan. Mapapaganda mo pa ang iyong pagguhit pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito.

## *Balikan*

**Panuto:** Sa isang papel, isulat ang bilang na 1 hanggang 5. Piliin mula sa kahon ang letra na tinutukoy ng bawat bilang.

| | | |
|---|---|---|
| A. hugis | B. linya | C. tekstura |

1. Pabilog
2. Tuwid
3. Makinis
4. Pakurba
5. Parihaba

*Mga Tala para sa Guro*

Dapat masiguro na ang bawat mag-aaral ay may magagamit na papel at **watercolor** para sa pagsasagot sa mga gawain sa modyul na ito.

## *Tuklasin*

Marami kang bagay na makikita sa mga pamilihang bayan. Kabilang na rito ang mga isda at iba pang lamang dagat. Tuklasin mo kung ano-ano ang mga uri ng isda at lamang dagat ang nakita ni Letlet sa pamilihang bayan.

# Sa Pamilihang Bayan


ni Leilani DC. Garcia





Isang araw ng Sabado, maagang nagising si Letlet. Ito ang araw ng pagsama niya sa kaniyang nanay sa pamilihan. Nag-almusal muna si Letlet at ang kaniyang nanay. Pagkatapos gumayak ay pumunta na sila sa pamilihang bayan.

Sa pamilihang bayan, nakita agad ni Letlet ang iba't ibang klase ng isda.


"Nanay, ano-ano po ang mga isdang tinda nila?" tanong ni Letlet.




tulingan



dalagang-bukid




bangus



tuna

"May tinda silang tulingan, tuna, dalagang-bukid at bangus," ang sagot ng nanay ni Letlet.


"Napakalaki ng tulingan, Nanay!" masayang wika ni Letlet. "Magandang tingnan ang makisap na kaliskis ng bangus, Nanay. Tingnan mo, Nanay, mas maputi po ang bahaging tiyan ng bangus kaysa gawing likuran. Ang tulingan at tuna naman ay aabuhin ang kulay habang ang dalagang-bukid ay mamula-mula."



pusit



tahong



alimango



hipon

"Nanay, ano po naman ang tawag sa isang ito na may mga maliliit na galamay sa isang dulo ng katawan at may makinis at mamula-mulang balat?" usisa ni Letlet.

"Iyan ay pusit, isa sa mga lamang dagat na tinda rito sa pamilihan," tugon ni Nanay Rosing. "Bukod diyan mayroon ding tahong, hipon at alimango."

"Naiiba po ang pusit kaysa sa ibang lamang dagat, Nanay," dugtong ni Letlet. "Wala siyang kaliskis tulad ng mga isda. Wala rin siyang matigas na balat tulad ng alimango, tahong at hipon."

“Nanay, nakatutuwa naman itong tahong, kakaiba ang berdeng kulay nito,” masayang wika ni Letlet.

“Ay, nanay!” gulat na sabi ni Letlet. Kaylalaki po ng sipit ng mga alimango.”

“Naku! Mag-iingat ka anak,” paalala ni Aling Rosing kay Letlet.  Masakit makaipit ang sipit ng mga alimango.”

Wiling-wili si Letlet sa pagtingin sa hugis, kulay, tekstura at disenyo ng balat ng mga lamang dagat.

“Nanay, gusto ko na pong iguhit at ipinta ang aking nakitang mga lamang dagat,” masayang pahayag ni Letlet.

“Maari po ba?” masuyong tanong ni Letlet sa kaniyang ina.

“Sige, anak, ibibili na rin kita ng watercolor upang may magamit ka sa pagpipinta,” sagot ni Aling Rosing.

Matapos mamili ay masaya nang umuwi ang mag-inang sina Letlet at Aling Rosing.

## Pang-unawa sa Binasa

**Panuto:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong at isulat ang sagot sa papel.

1. Saan nagpunta sina Letlet at ang kaniyang nanay?

2. Ano-ano ang mga klase ng isda na nakita ni Letlet sa pamilihang bayan?

3. Ano-ano ang iba pang mga lamang dagat ang nakita ni Letlet sa pamilihang bayan?

4. Paano inilarawan ni Letlet ang pusit at iba pang lamang dagat?

5. Bakit nais ni Letlet na gumuhit at magpinta ng mga lamang dagat?

# *Suriin*

Ang mga isda at iba pang lamang dagat ay may natatanging anyo. Magiging makatotohanan ang pagguhit sa kanila kung maipakikita ang kanilang kakaibang laki, hugis, kulay, tekstura at disenyo ng balat.

- Hugis-karaniwang pahaba ang hugis ng mga isda. Pahaba rin ang pusit at hipon.
- Kulay-iba-iba ang kulay ng mga isda. Karaniwang mapusyaw ang bahaging tiyan kaysa sa likuran.

- Tekstura-karaniwang nababalot ng kaliskis ang balat ng mga isda. Matigas naman ang labas na bahagi ng alimango, hipon at tahong.
- Disenyo-may malalaki at maliliit na detalye ang disenyo ng balat ng mga lamang dagat. Mayroong may mga batik o may mga pahabang guhit. Mayroong may kaliskis o may taklob habang ang iba naman ay walang balot sa katawan.

# *Pagyamanin*

## Pinatnubayang Gawain

Sa pagkakataong ito, magpatulong sa mga magulang o nakatatanda upang magawa ang pagsasanay.

## Gawain 1

**Panuto:** Piliin at iguhit sa papel ang dalawang isda na magkaiba ang hugis at laki na nabanggit sa kuwento. Ipakita ang disenyo ng balat nito at kulayan.

## Tasahin 1

**Panuto:** Sa isang papel, isulat ang bilang na 1 hanggang 5. Suriin ang natapos na Gawain 1. Gumuhit ng parisukat (□) kung nagawa mo ang kasanayan sa bawat bilang at tatsulok (△) naman kung hindi.

_________ 1. Nailarawan ang mga kakaibang kulay, hugis, tekstura at disenyo ng balat sa iginuhit na mga isda.

_________ 2. Nalagyan ng tamang kulay ang iginuhit na mga isda.

_________ 3. Naiguhit ang mga linya, hugis at disenyo sa katawan ng mga isda.

_________ 4. Nalagyan ng kulay ang mga isda nang walang lagpas sa guhit.

_________ 5. Nakadama ng kasiyahan sa paglalarawan ng mga isda sa pamamagitan ng pagguhit at pagpipinta.

## Gawain 2

**Panuto:** Bukod sa isda, gumuhit sa papel ng dalawang lamang dagat na nakita ni Letlet sa pamilihang bayan. Ipakita ang kakaibang hugis, kulay tekstura at disenyo sa balat ng mga ito gamit ang watercolor.

## Tasahin 2

**Panuto:** Sa isang papel, isulat ang bilang na 1 hanggang 5. Basahin ang mga isinasaad sa bawat bilang. Lagyan ng tsek (✓) kung naisagawa ito sa Gawain 2 at ekis ( X ) naman kung hindi.

__________ 1. Nagamit ang iba't ibang hugis sa pagguhit ng lamang dagat.

__________ 2. Naipakita ang iba't ibang disenyo sa balat ng mga lamang dagat na iginuhit.

__________ 3. Nalagyan ng natatanging kulay ang iginuhit na mga lamang dagat.


__________ 4. Nalagyan ng kulay ang iginuhit na lamang dagat na hindi lumalagpas sa guhit.

__________ 5. Nakadama ng kasiyahan sa pagguhit at pagpipinta.


## Malayang Pagsasanay

## Gawain 1

**Panuto:** Iguhit ang balangkas ng bangus na nasa ibaba. Gamit ang krayola o watercolor, ipakita ang natatanging kulay at disenyo ng balat nito. Ipakita naman ang tekstura sa pamamagitan ng pagpapakat ng ginupit na pabalat ng **shampoo**, kendi o iba pang makisap na **plastic**. Gawin ito sa isang papel.



## Tasahin 1

**Panuto:** Sa isang papel, isulat ang bilang na 1 hanggang 5. Iguhit ang hugis araw () sa bawat bilang kung naisagawa ang mga sumusunod na kasanayan sa Gawain 1 at hugis ulap () naman kung hindi.

__________ 1. Naiguhit ng maayos ang balangkas ng bangus.

__________ 2. Naipakita ang natatanging kulay nito sa paggamit ng watercolor.


__________ 3. Nalagyan ng kulay ang bangus na walang lagpas sa guhit.

__________ 4. Naipakita ang kakaibang tekstura at disenyo ng balat ng bangus.

__________ 5. Nakadama ng kasiyahan sa pagguhit at pagpipinta.

## Gawain 2


**Panuto:** Sa isang papel, isulat ang bilang na 1 hanggang 5. Isulat ang pangalan ng lamang dagat sa bawat bilang.




1. ________________




2. ________________



3. ________________



4. ________________



5. ________________

## Tasahin 2

**Panuto:** Sa isang papel, isulat ang bilang na 1 hanggang 5. Base sa Gawain 2, isulat ang **Tama** kung wasto ang isinasaad ng pangungusap at **Mali** naman kung hindi.

__________ 1. Nakikilala ang mga lamang dagat sa pamamagitan ng kulay, hugis, tekstura at disenyo ng balat.

__________ 2. Lahat ng lamang dagat ay may kaliskis.

__________ 3. May mga lamang dagat na may **shell** o kabibe.

__________ 4. Ang ibang lamang dagat ay may paa habang ang iba pa ay may buntot.

__________ 5. Hindi lahat ng lamang dagat ay may malambot na balat.

## Isaisip

**Panuto:** Sa isang papel, isulat ang bilang na 1 hanggang 5. Isulat sa bawat bilang ang angkop na salita sa patlang upang mabuo ang diwa ng bawat pangungusap. Piliin ang iyong sagot sa loob ng panaklong.

1. Karaniwang ___________ (pahaba, pabilog) ang hugis ng mga isda.

2. ___________ (Magkakaiba, Magkakatulad) ang kulay ng lahat ng mga isda at lamang dagat.

3. Ang madulas, magaspang o makaliskis ay tumutukoy sa ___________ (kulay, tekstura) ng mga isda at iba pang lamang dagat.

4. Ang mga batik o pahabang guhit sa balat ng mga isda at iba pang lamang dagat ay tumutukoy sa kanilang ___________ (disenyo, hugis).

5. Ang kahabaan o kabilugan ng mga isda at iba pang lamang dagat ay tumutukoy sa kanilang ___________ (hugis, kulay).

# *Isagawa*


**Panuto:** Sundin ang mga hakbang sa pagguhit ng isang **aquarium** na lalagyan ng mga isda.

Mga Kagamitan:

- lapis
- papel
- krayola o watercolor


Pamamaraan:

1. Gayahin ang aquarium na nakaguhit sa ibaba.
2. Gumuhit sa loob ng aquarium ng mga isda na may iba't ibang laki, hugis, kulay, tekstura at disenyo ng balat.
3. Kulayan ang mga ito gamit ang krayola o watercolor.




## *Tayahin*

**Panuto:** Sa isang papel, isulat ang bilang na 1 hanggang 5. Piliin mula sa Hanay B at isulat sa bawat bilang ang letra ng lamang dagat na inilalarawan sa Hanay A.

| Hanay A | Hanay B | |
|---|---|---|
| 1. Kaliskis ko ay makintab,<br>Katawan ko ay malapad,<br>Ang laman ko ay malambot,<br>Matigas naman ang buntot. | A |  |
| 2. Galamay ko ay nasa ulo,<br>Katawan ko ay pahaba,<br>Buo, makinis at mapula,<br>Sa dagat ako nakukuha. | B |  |
| 3. Ang bahay ko ay taklob,<br>Lagi ako sa loob,<br>Bumubuka, sumasara,<br>Parang mata sa umaga. | C |  |
| 4. Katawan ko ay may liha,<br>Bawat isa ay may paa,<br>Malaki ang aking ulo<br>May balbas pa sa may dulo. | D |  |
| 5. Walo ang aking paa,<br>May dalawang sipit pa,<br>Tiyak maiiyak ka,<br>Kapag nasipit kita. | E |  |

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Gumuhit ng dalawa hanggang tatlong uri ng isda. Ipakita ang tekstura ng balat ng mga isda sa pamamagitan ng mga linya o pagdidikit ng makukulay na papel. Gupitin at idikit sa karton ang natapos na gawain. Gawin itong pabitin o **mobile** at ipalamuti sa iyong silid-tulugan.



# Susi sa Pagwawasto

Isaisip
1. Pahaba  2. Magkakaiba  3. Tekstura  4. Disenyo

5. Hugis

Isagawa – Bilangin kung ilan sa mga panuntunan ang naisagawa.
____Naipakita sa mga iginuhit at kinulayang isda ang tamang disenyo ng balat.
____Naipakita sa mga iginuhit at kinulayang isda ang tamang tekstura ng balat.
____Naipakita sa mga iginuhit at kinulayang isda ang tamang kulay ng balat.
____Naipakita sa mga iginuhit at kinulayang isda ang tamang hugis.
Naipakita sa mga iginuhit at kinulayang isda ang tamang laki

Rubrik
Napakahusay – Naipakita sa sining na ginawa ang lahat ng limang pamantayan.

Katamtamang husay – Naipakita sa sining na ginawa ang tatlo o apat sa pamantayan.

Mahusay – Naipakita sa sining na ginawa ang isa o dalawa sa pamantayan.

Nangangailangan ng gabay – Hindi naipakita sa sining na ginawa ang alin man sa pamantayan.

Tayahin – 1. C  2. B  3. E  4
5. D

Karagdagang Gawain
____Naipakita ang tekstura ng balat ng isda sa pamamagitan ng mga linya o pagdidikit ng makukulay na papel.
____Nagupit at naidikit nang maayos sa karton ang natapos na Gawain.
____Naipalamuti sa silid-tulugan ang nagawang pabitin o mobile.

Rubrik
Napakahusay – Naipakita sa sining na ginawa ang lahat ng tatlong pamantayan.

Katamtamang husay – Naipakita sa sining na ginawa ang dalawa sa pamantayan.

Mahusay – Naipakita sa sining na ginawa ang isa sa pamantayan.

Nangangailangan ng gabay – Hindi naipakita sa sining na ginawa ang alin man sa pamantayan.

Subukin

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | B | 4. | D |
| 2. | C | 5. | B |
| 3. | A | | |

Balikan

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | A | 4. | A |
| 2. | B | 5. | A |
| 3. | C | | |

Pang-unawa sa Binasa

1. Nagpunta sa pamilihang bayan sina Letlet at kanyang nanay.
2. Bangus, hito, tilapia, at galunggong ang mga tindang isda sa pamilihan.
3. Inilarawan ni Letlet ang pusit na may maliit na galamay at may makinis at mamula-mula na balat.
4. Ang iba pang mga lamang dagat ay tahong, hipon, alimango at iba pa.
5. Mahalaga na pangalagaan natin ang dagatsapagkat nakakukuha tayo dito ng pagkain.

Pagyamanin – Pinatnubayang Gawain

Gawain 1 – Guhit ng mga lamang dagat

Tasahin 1 – 1. ☐ 2. ☐ 3. ☐ 4. ☐ 5. ☐

Gawain 2 – (May iba't ibang sagot)

Tasahin 2 – 1. ✓ 2. ✓ 3. ✓ 4. ✓ 5. ✓

Pagyamanin – Malayang Pagsasanay

Gawain 1 – Guhit ng Bangus

Tasahin 1 – 1. ☼ 2. ☼ 3. ☼ 4. ☼ 5. ☼

Gawain 2 – 1. Pusit 2. Hipon 3. Alimango 4. Bangus 5. Tilapia

Tasahin 2 – 1. Tama 2. Mali 3. Tama 4. Tama 5. Tama

# *Sanggunian*

Commons.deped.gov.ph. 2020. [online] Available at: <https://commons.deped.gov.ph/K-to-12-MELCS-with-CG-Codes.pdf> [Accessed 2 July 2020].

K to 12 Curriculum Guide Arts Grade 2. 2016. DepEd Complex, Meralco Ave., Pasig City.

K to 12 Teacher's Guide Arts Grade 2. 2016. DepEd Complex, Meralco Ave., Pasig City.

Ramilo, R., Pabilonia, F., Igot, K. I. and Catacutan, M., 2013. Music, Arts, Physical Education and Health - Ikalawang Baitang. 1st ed. Pasig City: Rex Bookstore, pp.208-210.

Towers, Lucy, and Lucy Towers. 2020. "How to Farm Milkfish (Chanos Chanos)". Thefishsite.Com. https://thefishsite.com/articles/cultured-aquatic-species-milkfish-chanos-chanos.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph